



*Ang Mensahero
William Marrion Branham*

Ang Mensahero

Sa

Kapanahunan Ng Iglesyang Laodicea

Apocalipsis 3:14-22

At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng Saksing Tapat at Totoo, ng Pasimula ng Paglalang ng Dios;

Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit.

Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka Kita sa Aking bibig.

Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba, at maralita, at dukha, at bulag, at hubad:

Ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita.

Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway at pinapalo: ikaw nga'y magsikap, at magsisi.

Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng Aking tinig, at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo Ko.

Ang magtagumpay ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng Aking Ama sa Kaniyang luklukan.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

Ang Mensahero

Labis kong pinag-aalinlanganan kung tunay na nakilala ng anomang kapanahunan ang mensahero na isinugo ng Diyos dito, maliban sa unang kapanahunan kung saan si Pablo ang mensahero. At maging sa kapanahunang iyon ay marami ang hindi nakakilala sa kanya sa kung ano siya.

Ngayon ang kapanahunang ating kinabubuhayan ay magiging isang napakaikli. Ang mga pangyayari'y magaganap nang napakabilis. Kaya't ang mensahero dito sa Kapanahunan ng Laodicea ay marapat na narito na ngayon, bagama't hindi pa natin marahil kilala siya sa ngayon. Ngunit tiyak na magkakaroon ng panahon na siya'y makikilala. Ngayon ay aking mapapatunayan iyan sapagkat taglay natin ang Kasulatan na naglalarawan ng kanyang ministryo.

Una sa lahat, ang mensaherong iyon ay magiging isang propeta. Magkakaroon siya ng katungkulan ng isang propeta. Magkakaroon siya ng ministryong ukol sa pagka-propeta. Iyon ay ibabatay nang lubusan sa Salita sapagkat kapag siya'y nagbibigay ng propesiya o may isang pangitain, iyon ay laging magiging "angkop sa Salita" at iyon ay LAGING magaganap. Siya ay mapapatunayan bilang isang propeta dahil sa kanyang ganap na pagkawasto. Ang katibayan na siya ay isang propeta ay matatagpuan sa Apocalipsis 10:7, "Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong mensahero pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y tapos na ang hiwaga ng Diyos ayon sa mabubuting balita na Kaniyang isinaysay sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta." Ngayon ang taong ito, na tinatawag sa talatang ito na isang "anghel" sa King James na salin ay HINDI isang maka-langit na nilalang. Ang ikaanim na humihihip na anghel, na isang maka-langit na nilalang, ay nasa Apocalipsis 9:13, at ang ikapitong mula sa gayon ding klase ay nasa Apocalipsis 11:15. Ang isang ito rito sa Apocalipsis 10:7 ay ang ikapitong kapanahunang mensahero at ito ay isang tao, at siya ay maghahatid ng isang mensahe buhat sa Diyos, at ang kanyang mensahe at ministryo ang tatapos sa hiwaga ng Diyos ayon sa pagkakasaysay sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta. Ituturing ng Diyos ang huling mensaherong ito bilang isang propeta **SAPAGKAT SIYA AY ISANG PROPETA**. Iyan nga kung ano si Pablo noong unang kapanahunan, at ang huling kapanahunan ay may isa, rin. Amos 3:6-7, "Tutunog бага ang trumpeta sa bayan, at ang bayan ay hindi manginginig? Sasapit бага ang kasamaan sa bayan, at hindi ginawa ng Panginoon? Tunay na ang Panginoon ay walang gagawin, kundi Kaniyang ihahayag ang Kaniyang mga lihim sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta."

Iyon ay sa huling-panahong kaganapan kung kailan dumating ang pitong kulog ni Jesus. Apocalipsis 10:3-4, "At sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umuungal: at pagkasigaw niya, ay ang pitong kulog ay umugong. At pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi sa akin, Selyuhan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat." Kung ano ang nasa pitong kulog na iyon ay walang sinomang nakakaalam. Ngunit kailangan nating malaman. At mangangailangan ng isang propeta upang makuha ang kaphahayagan sapagkat ang Diyos ay wala nang iba pang paraan ng paglalantad ng Kaniyang mga Iskriptural

na kapahayagan kundi sa pamamagitan ng isang propeta. Ang Salita ay laging dumarating sa pamamagitan ng isang propeta at laging gayon nga. Kaya ito ang batas ng Diyos ay malinaw sa kahit isang karaniwang pagsasaliksik ng Kasulatan. Ang di-nagbabagong Diyos na may di-nagbabagong mga kaparaanan ay walang-pagbabagong nagsugo ng Kaniyang propeta sa bawat kapanahunan kung saan ang mga tao'y naligaw mula sa Banal na kautusan. Dahil kapwa ang mga teologo at ang mga tao ay lumayo na mula sa Salita, ang Diyos ay laging nagsusugo ng Kaniyang lingkod sa mga taong ito (ngunit hiwalay sa mga teologo) upang itama ang bulaang katuruan at akayin ang mga tao pabalik sa Diyos.

Kaya't ating nakikita ang isang mensahero ng ikapitong kapanahunan na dumarating, at siya ay isang propeta.

Hindi lamang natin nakikitang dumarating ang mensaherong ito dito sa Apocalipsis 10:7, kundi nalalaman nating ang Salita ay nangungusap pa tungkol kay Elias na darating bago bumalik si Jesus. Sa Mateo 17:10, "At tinanong Siya ng Kaniyang mga alagad na nangagsasabi, Bakit nga sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna si Elias?" At sinabi ni Jesus, "Katotohanang si Elias ay paririto, at ipapanauli ang lahat ng mga bagay." Bago ang pagdating ng ating Panginoon, si Elias ay kinakailangang bumalik para sa isang gawain ng pagpapanauli sa iglesia. Ito ang sinasabi ng Malakias 4:5, "Narito Aking nagsapin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon: at kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, baka Ako'y dumating at saktan Ko ang lupa ng sumpa." Tiyak na walang kadudang si Elias ay kinakailangang bumalik bago ang pagdating ni Jesus. Siya ay may isang tiyak na gawaing isasakatuparan. Ang gawaing iyan ay ang bahagi ng Malakias 4:6 na nagsasabing, "kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang." Ang dahilan na ating nalalamang ito ay ang kanyang tiyak na gawaing gagawin sa panahong iyan ay sapagkat naisakatuparan na niya ang bahaging nagsasabing "kanyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak," nang ang Elias na ministeryo ay naririto noon kay Juan Bautista. Lucas 1:17, "At siya'y lalakad sa unahan ng Kaniyang mukha na may Espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga Matuwid, upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda." Sa ministeryo ni Juan ang "mga puso ng mga ama ay pinapagbalik-loob sa mga anak." Nalalaman natin iyan sapagkat gayon nga ang sinabi ni Jesus. Subalit hindi nito sinasabing ang mga puso ng mga anak ay pinapagbalik-loob sa mga magulang. Iyan ay magaganap pa lamang. Ang mga puso ng mga anak sa huling panahon ay papagbabaliking-loob sa Pentecostal na mga magulang. Inihanda ni Juan ang mga ama upang malugod na tanggapin ni Jesus ang mga anak papasok sa kawan. Ngayon ang propetang ito na kung kanino'y ang Espiritu ni Elias ay bumababa ay iahanda ang mga anak upang malugod na tanggapin pabalik si Jesus.

Tinawag ni Jesus si Juan Bautista na, Elias. Mateo 17:12, "Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo na naparito na si Elias, at hindi nila siya nakilala, kundi ginawa nila sa kaniya ang anomang kanilang inibig." Ang dahilan kung bakit Niya tinawag si Juan na Elias, ay sapagkat ang siya ring Espiritu na na kay Elias ay bumalik kay Juan, gaya rin namang ang Espiritung iyon ay bumalik kay Eliseo pagkaraan ng paghahari ni Haring Ahab. Ngayon minsan pang muli ang Espiritung iyon ay muling babalik sa isa na namang lalaki maikling sandali bago dumating si Jesus. Siya ay magiging isang propeta. Siya ay pagtitibayin

bilang gayon ng Diyos. Yamang si Jesus, Mismo, sa laman ay hindi na paririto upang siya'y pagtibayin, (gaya ng Kaniyang ginawa kay Juan) ito ay gagawin ng Banal na Espiritu nang sa gayon ang ministeryo ng propetang ito ay masamahan ng dakila at kahanga-hangang manipestasyon. Bilang isang propeta, bawat kapahayagan ay pagtitibayin, pagkat bawat kapahayagan ay magaganap. Kamangha-manghang mga gawa ng kapangyarihan ang isasagawa sa kanyang mga kapamahalaan sa pananampalataya. Pagkatapos ay mahahayang ang mensahe na ibinigay ng Diyos sa kanya sa Salita upang papagbaliking-loob ang mga tao sa katotohanan at sa tunay na kapangyarihan ng Diyos. Ang ilan ay makikinig, ngunit ang karamihan ay lalayo tulad ng inaasahan at tatanggihan siya.

Yamang ang mensaherong propetang ito ng Apocalipsis 10:7 ay magiging katulad ng sa Malakias 4:5-6 siya ay natural na magiging gaya nina Elias at Juan. Ang dalawa'y mga lalaking nakabukod mula sa kinikilalang mga paaralang panrelihiyon ng kanilang panahon. Ang dalawa'y kapwa mga kalalakihan ng ilang. Ang dalawa'y kapwa kumilos lamang nang taglay na nila ang "Ganito ang sabi ng Panginoon," nang direkta mula sa Diyos sa pamamagitan ng kapahayagan. Ang dalawa'y kapwa nambatikos laban sa panrelihiyong mga orden at mga pinuno ng kanilang panahon. Ngunit hindi lamang iyan gayon, sila'y nambatikos laban sa lahat ng mga masama o magpapasama ng iba pa. At pansinin, ang dalawa'y labis na nagpropsiya laban sa mga imoral na kababaihan at sa kanilang mga gawi. Si Elias ay nanuligsa laban kay Jezebel, at pinagwikaan ni Juan si Herodias, na asawa ni Philip.

Bagama't siya'y hindi magiging tanyag, siya ay pagtitibayin naman ng Diyos. Gaya ng pinatotohanan ni Jesus si Juan, at pinatotohanan ng Espiritu Santo si Jesus, ay lubos nating maaasahan na ang lalaking ito ay una sa lahat ay papatotohanan ng Espiritu na gumagawa sa kanyang buhay sa mga gawa ng kapangyarihan na mga hindi-mapag-aalinlanganan at hindi matatagpuan saan man; at si Jesus Mismo, sa pagbabalik, ay papatotohanan siya, gaya ng Kaniyang pinatotohanan si Juan. Si Juan ay nagpatotoong si Jesus ay darating, — at gayon din na ang lalaking ito, gaya ni Juan, ay magpapatotoo na si Jesus ay darating. At ang mismong pagbabalik ni Cristo ay magpapatunay na ang lalaking ito ay sadyang ang siyang tagapagpauna ng Kaniyang ikalawang pagdating. Ito ang panghuling katibayan na tiyak na ito'y ang propeta ng Malakias 4, pagkat ang katapusan ng panahong Gentil ay magiging si Jesus, Mismo, na nagpapakita. Pagkatapos ay magiging napakahuli na para doon sa mga nagsitanggi sa kanya.

Upang mabigyang-linaw pa ang ating pagpapakilala nitong propeta sa huling panahon, ating pansining mabuti na ang propeta ng Mateo 11:12, ay si Juan Bautista, na siyang iprinopesiya sa Malakias 3:1, "Narito, Aking sinusugo ang Aking sugo, at siya'y maghahanda ng daan sa harap Ko; at ang Panginoon, Na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa Kaniyang templo, at ang Sugo ng Tipan, Na inyong kinaliligayahan; narito, Siya'y dumarating, sabi ng Panginoon ng mga Hukbo." Mateo 11:1-12, "At nangyari, na nang matapos nang masabi ni Jesus ang Kaniyang mga utos sa Kaniyang labingdalawang alagad, ay umalis Siya roon upang magturo at mangaral sa mga bayan nila. Nang marinig nga ni Juan sa bilanggaan ang mga gawa ni Cristo, ay isinugo niya ang dalawa sa kaniyang mga alagad, at sinabi sa Kaniya, Ikaw baga Yaong paririto, o hihintayin namin ang iba? At sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong nangaririnig at nangakikita: ang mga bulag ay nangakakakita, at ang mga pilay ay

nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting Balita. At mapalad ang sinoman, na hindi makasumpung ng anomang katitisan sa Akin. At samantalang ang mga ito'y nagsisiyaon ng kanilang lakad, ay nagpasimula si Jesus na magsalita sa mga karamihan tungkol kay Juan, Ano ang nilabas ninyo upang masdan sa ilang? Isang tambo na inuuga ng hangin? Datapuwa't ano ang nilabas ninyo upang makita? Isang taong nararamtan ng mga damit na maseselan? Narito, ang mga nagsisipanamit ng maseselan ay nangasa mga bahay ng mga hari. Datapuwa't ano ang nilabas ninyo upang makita? Isang propeta? oo, sinasabi Ko sa inyo, at lalo pang higit kaysa isang propeta. Ito yaong tungkol sa kaniya'y nasusulat, Narito, sinusugo Ko ang Aking sugo sa unahan ng Iyong mukha, na maghahanda ng Iyong daan sa unahan Mo. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Sa gitna ng mga ipinanganganak ng mga babae ay walang lumitaw na isang dakila kay sa kay Juan Bautista: gayon man ang lalong maliit sa kaharian ng langit ay lalong dakila kay sa kaniya." Ito ay naganap na. Ito ay nangyari na. Ito ay tapos na. Ngunit pansinin gayon sa Malakias 4:1-6, "Sapagka't narito, ang araw ay dumarating, na nagningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, oo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan, ay magiging parang dayami; at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anopa't hindi mag-iiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man. Nguni't sa inyo na nangatakatot sa Aking Pangalan ay sisikat ang Araw ng Katuwiran na may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan. At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na Aking gawin ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Alalahanin ninyo ang kautusan ni Moises na Aking lingkod, na Aking iniutos sa kanya sa Horeb para sa buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan. Narito, Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon: At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, baka Ako'y dumating at saktan Ko ang lupa ng sumpa." Kita n'yo, agad-agad pagkaraan ng pagdating NITONG Elias, ang lupa ay lilinin sa pamamagitan ng apoy at ang masasama ay susunugin hanggang maging abo. Mangingari pa, ito ay HINDI nangyari sa panahon ni Juan (ang Elias para sa kanyang panahon.) Ang Espiritu ng Diyos na iprinopesiya ang pagdating ng mensahero sa Malakias 3:1 (si Juan) ay inuulit lamang ang Kaniyang naunang mapagpropeisyang pahayag ng Isaias 40:3 na mga tatlong dantaon nang nasabi mula pa noong una. "Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang. Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Dios." Ngayon si Juan, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay isinatinig kapwa sina Isaias at Malakias sa Mateo 3:3, "Sapagka't ito yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang Kaniyang mga landas." Kaya't ating nakikita nang mabuti mula sa Mga Kasulatang ito na ang propeta sa Malakias 3, na si Juan, ay HINDI ang propeta ng Malakias 4, bagama't tunay ngang, *kapwa si Juan at ang propeta sa hulíng-panahon na ito ay taglay ang siya ring Espiritu Na na kay Elias.*

Ngayon ang mensaherong ito ng Malakias 4 at Apocalipsis 10:7 ay gagawa ng dalawang bagay. Isa: Ayon sa Malakias 4 ay kanyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga anak sa mga magulang. Dalawa: Ihahayag niya ang

mga hiwaga ng pitong kulog sa Apocalipsis 10 na siyang mga kapahayagang nakapaloob sa pitong tatak. Itong mga ipinahayag na Mula sa langit na “hiwagang-mga katotohanan” ang siyang literal na magpapabalik-loob sa mga puso ng mga anak sa Pentecostal na mga ama. Tamang-tamang gayon nga.

Subalit isaalang-alang rin ito. Ang mensaherong-propetang ito ay magiging katulad nina Elias at Juan sa kanyang kalikasan at mga kilos. Ang mga tao nitong kaarawan ng mensaherong-propeta ay magiging katulad ng kung ano sila noong panahon ni Ahab, at ni Juan. At dahil “TANGING ANG MGA ANAK” ang papagbabaliking-loob ang mga puso, tanging ang mga anak lang din ang siyang makikinig. Noong kaarawan ni Ahab ay tanging 7,000 tunay na binhing mga Israelita lamang ang natagpuan. Noong kaarawan ni Juan ay may napakakaunti lamang din. Ang mga nakararami sa dalawang kapanahunang iyon ay nasa pakikiapid ng pagsamba sa diyos-diyosan.

Nais kong gumawa ng isa pang paghahambing sa pagitan ng mensaherong-propeta ng Laodicea at ni Juan, ang mensaherong-propeta na nagpauna sa unang pagdating ni Jesus. Ang mga tao noong kaarawan ni Juan ay pinagkamalan siyang ang Mesiyas. Juan 1:19-20, “At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin sa kaniya ng mga Judio mula sa Jerusalem ang mga saserdote at ang mga Levita upang sa kaniya’y itanong, Sino ka бага? At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang ipinahayag, Hindi ako ang Cristo.” Ngayon gayon na lamang ang tindi ng magiging kapangyarihan nitong mensaherong-propeta sa huling araw sa harapan ng Panginoon na anopa’t magkakaroon niyaong mga pagkakamalan siyang ang Panginoong Jesus. (Magkakaroon ng espiritu sa sanlibutan sa huling panahon na ililigaw ang ilan at papapaniwalain sila rito. Mateo 24:23-26, “Sapagka’t may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa’t ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang. Narito, ipinagpauna Ko nang sinabi sa inyo. Kaya nga kung sa inyo’y kanilang sasabihin, Narito, Siya’y nasa ilang; huwag kayong magsilabas; narito, Siya’y nasa mga silid; huwag ninyong paniwalaan.”) Subalit huwag ninyong paniwalaan iyon. Siya ay hindi si Jesus Cristo. Siya ay hindi ang Anak ng Diyos. SIYA AY ISA SA MGA KAPATIRAN, ISANG PROPETA, ISANG MENSAHERO, ISANG LINGKOD NG DIYOS. Siya ay hindi nangangailangan ng higit na karangalang ipinagkaloob sa kanya kaysa sa tinanggap ni Juan nang ito noon ay ang tinig na sumigaw ng, “Ako ay hindi Siya, NGUNIT SIYA AY DARATING NA KASUNOD KO.”

Bago natin tapusin ang bahaging ito tungkol sa mensahero ng Kapanahunang Laodicea, ay kinakailangan nating isaalang-alang nang mabuti itong dalawang kaisipan. Una, ang kapanahunang ito ay magkakaroon ng ISANG Mensaherong-Propeta. Ang Apocalipsis 10:7, ay nagsasabi, “Pagka malapit nang siya’y (isahan) humihip.” Kailanma’y hindi pa nagkaroon ng isang kapanahunan kung saan ang Diyos ay nagbigay sa Kaniyang bayan ng dalawang pangunahing propeta sa iisang panahon. Ibinigay Niya si Enoc (nag-iisa); ibinigay Niya si Noe (nag-iisa); ibinigay Niya si Moises (nag-iisa siyang nagtaglay ng Salita bagaman ang iba’y nagpropesiya); si Juan Bautista ay dumating na NAG-IISA. Ngayon sa huling panahong ito ay magkakaroon ng isang PROPETA (hindi isang propetisa — bagaman sa kapanahunang ito ay may higit na maraming mga kababaihang nagpapanggap na nagbibigay umano ng kapahayagan ng Diyos kaysa mga kalalakihan), at ang walang-pagkakamaling Salita ay nagsasabing *siya* (ang propeta) ay maghahayag ng mga hiwaga sa mga tao sa huling panahon, at papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga anak sa mga magulang. Mayroon niyaong mga nagsasabing ang mga tao ng Diyos ay magkakasama-sama sa isang *kapahayagang pinagtapon-tipon*. Hinahamon

ko ang pahayag na iyan. Ito ay isang maliwanag, na walang-kabuluhang pagpapalagay sa harapan ng Apocalipsis 10:7. Ngayon hindi ko ikinakaila na ang mga tao ay magsisipagpropesiya sa huling kapanahunang ito at ang kanilang mga ministeryo ay maaari ngang tama at magiging tama. Hindi ko ikinakailang magkakaroon ng mga propeta tulad din lang noong panahon ni Pablo nang may “isang Agabo na isang propeta na nagpropesiya ng isang taggutom.” Ako’y sumasang-ayon na iyan ay gayon nga. NGUNIT PINABUBULAANAN KO SA IBABAW NG WALANG-KAMALIANG KATIBAYAN NG SALITA NA MAY HIGIT SA ISANG PANGUNAHING MENSAHERONG-PROPETA NA MAGHAHAYAG NG MGA HIWAGA AYON SA PAGKAKAPALOOB SA SALITA, AT SIYANG NAGTATAGLAY NG MINISTERYO UPANG PAPAGBALIKING-LOOB ANG MGA PUSO NG MGA ANAK SA MGA MAGULANG. Ang “Ganito ang sabi ng Panginooon” sa pamamagitan ng Kaniyang di-nabibigong Salita ay nananaig, at mananaig at pagtitibayin. May iisang mensaherong-propeta sa kapanahunang ito. Sa batayan hinggil sa kaasalan ng tao pa lamang, sinoman ay nakakaalam na kung saan naroon ang maraming mga tao ay may pagkakabaha-bahagi pa rin ng kuru-kuro tungkol sa mas maliit na mga paksa ng isang pangunahing doktrina na kanilang tinatangananang lahat nang sama-sama. Sino kung gayon ang magkakaroon ng kapangyarihan ng di-pagkakamali na papanauliin sa huling kapanahunang ito, pagkat itong huling kapanahunan ay babalik sa paghahayag sa Dalisay na Nobyang Salita? Iyan ay nangangahulugang minsan pang muli’y tataglayin natin ang Salita ayon sa sakdal na pagkakabigay dito, at sakdal na naunawaan noong kaarawan ni Pablo. Sasabihin ko sa inyo kung sino ang magtataglay nito. Ito’y magiging isang propeta na kasing ganap na pinagtibay, o higit pa ngang ganap na pinagtibay kaysa alinmang propeta sa lahat ng mga kapanahunan mula kay Enoc hanggang sa araw na ito, sapagkat ang lalaking ito mula sa pangangailangan ay magkakaroon ng panakip-nabato na ministeryong ukol sa pagka-propeta, at siya’y ipapahayag ng Diyos. Hindi na siya kailangan pang magsalita para sa kanyang sarili, ang Diyos ang mangungusap para sa kanya sa pamamagitan ng tinig ng tanda. Amen.

Ang ikalawang kaisipan na kinakailangang ikintal sa ating mga puso ay ang pitong kapanahunan ng iglesya ay nagsimula sa espiritung anticristo gayon din sa Banal na Espiritu Na luluwalhatiin magpakailanman. I Juan 4:1, “Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawa’t espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu kung sila’y sa Dios: sapagka’t maraming nagsilitaw na mga bulaang *propeta* sa sanglibutan.” Napansin ba ninyo ito? Ang espiritung anticristo ay nakikilala sa mga bulaang propeta. Ang mga kapanahunan ay nangagsipasok na kasama ang mga bulaang propeta at sila’y mangagsisilabas na kasama ang mga bulaang propeta. Ngayon mangyari pa magkakaroon ng isang TUNAY NA BULAANG PROPETA sa pinakamataas na diwa ng taong iyan na binanggit sa Apocalipsis. Subalit sa ngayon bago ang paghahayag sa kanya ay magkakaroon ng mga magsisilitaw na maraming bulaang propeta. Mateo 24:23-26, “Kung magkagayon kung may magsabi sa inyong sinomang tao, Narito ang Cristo, o nariyan; huwag ninyong paniwalaan. Sapagka’t may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa’t ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang. Narito, ipinagpauna Ko nang sinabi sa inyo. Kaya nga kung sa inyo’y kanilang sasabihin, Narito, Siya’y nasa ilang; huwag kayong magsilabas: narito, Siya’y nasa mga silid; huwag ninyong paniwalaan.” Ang mga bulaang propetang ito ay kinilala na para sa atin sa iba’t iba pang Mga Kasulatan gaya ng mga sumusunod. II Pedro 2:1-2, “Nguni’t may nagsisilitaw din naman sa bayan na mga bulaang propeta, na gaya naman sa

inyo'y magkakaroon ng mga bulaang guro, na mangagpapasok sa lihim ng mga makakapahamak na mga hiduwang pananampalataya, na itatatuwa pati ang Panginoon Na bumili sa kanila na mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling pagkapahamak. At maraming magsisisunod sa kanilang mga gawang mahahalay; na dahil sa kanila ay pagsasalitaan ng masama ang daan ng katotohanan." II Timoteo 4:3-4, "Sapagka't darating ang panahon na hindi nila matitiis ang wastong katuruan; kundi sa pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita; At ihihwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at mga ibabaling sa katha." I Timoteo 4:1, "Nguni't hayag na sinasabi ng Epiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat, at sa mga aral ng mga demonio." Ngayon sa bawat pagkakataon ay inyong mapapansin na ang isang bulaang propeta ay isang nasa labas ng Salita. Sadyang katulad ng ating ipinakita sa inyo na ang "anticristo" ay nangangahulugang "laban sa Salita" ay gayon din na ang mga bulaang propetang ito ay dumarating na pinipilit ang Salita, binibigyan ito ng isang kahulugan na umaakma sa kanilang sariling mala-diablong mga layunin. Napansin na ba ninyo kung papaanong ang mga tao na nagliligaw ng iba ay binibigkis sila nang malapit sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng takot? Sinasabi nilang kung hindi ginagawa ng mga tao kung ano ang kanilang sinasabi, o kapag sila'y umalis, kung gayon ay susunod ang kasiraan. Sila ay mga bulaang propeta, pagkat ang isang tunay na propeta ay laging aakayin ang isa sa Salita at binibigkis ang mga tao kay Jesus Cristo at hindi niya sasabihin sa mga taong katakutan siya o kung ano ang kanyang sinasabi, kundi ang katakutan kung ano ang sinasabi ng Salita. Pansinin kung papaano na ang mga taong ito gaya ni Judas ay lantaranag naghahangad ng salapi. Kukumbinsihin ka nila upang ipagbili mo ang lahat ng mayroon ka at ibigay iyon sa kanila at sa kanilang mga pakana. Sila'y gumugulog ng higit na maraming oras para sa mga offering kaysa sa Salita. Yaong mga nagtatangkang magpagana ng mga kaloob ay gagamit ng isang kaloob na may kaunting sablay dito at pagkatapos ay saka hihingi ng salapi, at pababayaang ang Salita at tatawagin itong sa Diyos. At ang mga tao ay lalapit sa kanila, at pagpapasensyahan sila, at susuportahan sila, at paniniwalaan sila, na hindi nalalamang iyon ay ang daan ng kamatayan. Oo, ang lupain ay puno ng karnal na mga nagpapanggap. Sa huling panahon na iyan ay kanilang pipiliting gayahin yaong mensaherong-propeta. Pinilit na gayahin ng pitong anak ni Sceva si Pablo. Pinilit na gayahin ni Simon na salamangkero si Pedro. Ang kanilang mga pagpapanggap ay magiging karnal. Hindi nila magagawa kung ano ang nagagawa ng tunay na propeta. Kapag sinabi niyang ang rebaybal ay tapos na ay maglilibot sila na nagpapahayag ng isang dakilang kapahayagan na kung ano ang taglay ng mga tao ay sadyang tamang-tama at ang Diyos ay gagawa pa ng higit na malaki at higit na kagila-gilalas na mga bagay sa gitna ng mga tao. At ang mga tao ay malililang nito. Ang siya ring mga bulaang propetang ito ay magpapahayag na ang mensahero ng huling panahon ay hindi isang teologo, kaya hindi siya nararapat na pakinggan. Hindi nila kayang gawin ang nagagawa ng mensahero; sila ay hindi pagtitibayin ng Diyos na katulad niyaong propeta sa huling panahon, ngunit sa kanilang dakila't napakahusay na pananalita at sa impluwensiya ng kanilang pandaigdigang kabantugan ay babalaan nila ang mga tao na huwag pakinggan ang lalaking iyon (ang mensahero) at sasabihin nilang siya'y nagtuturo nang mali. Sila ay kumikilos na katulad na katulad ng kanilang mga magulang, ang mga Fariseo, na mga sa diablo, pagkat ipinahayag nilang kapwa sina Juan at Jesus ay nagsisipagturo ng kamalian.

Ngayon bakit ang mga bulaang propetang ito ay sumasalungat sa tunay na propeta at pinabubulaanan ang kanyang aral? Sapagkat sila ay kumikilos tulad ng inaasahan gaya ng ginawa ng kanilang mga ninuno nang sa mga araw ni Ahab ay kanilang sinalungat si Micaiah. Mayroong apat na raan sa kanila at *lahat sila'y nagkakasundu-sundo; at sa pamamagitan nilang lahat na nagsasabi ng gayon ding bagay, ay kanilang nilinlang ang mga tao*. Subalit ISANG propeta—*isa lamang*—ang tama at lahat ng mga natira ay mali sapagkat ipinagkatiwala ng Diyos ang kapahayagan sa IISA LAMANG.

Mag-ingat kayo sa mga bulaang propeta, pagkat sila ay mga mapanilang lobo.

Kung kayo pa rin ay nasa anumang pag-aalinlangan tungkol dito ay humiling sa Diyos na sa Kaniyang Espiritu ay puspusin kayo at akayin kayo, **PAGKAT ANG PINAKA HIRANG AY HINDI MALILINLANG**. Nakuha ba ninyo iyan? Walang sinomang taong makalilinlang sa inyo. Si Pablo ay hindi makalilinlang ng alinmang hirang, kung siya man ay naging mali. At sa unang Kapanahunan iyon ng Efeso ang mga hinirang doon ay hindi maaaring malinlang pagkat kanilang sinubok ang mga bulaang apostol at mga propeta at natagpuan silang mga bulaan at pinalabas sila. Aleluya. Ang KANIYANG mga tupa ay nakikinig sa Kaniyang tinig at sila'y sumusunod sa KANIYA. Amen. Pinaniniwalaan ko ito.



ANG HALIGI NG APOY

Ang Haligi ng Apoy sa ulohan ni Kapatid na Branham ay nakunan ng larawan sa Houston, Texas, noong Enero ng 1950, at sinamahan na siya mula pa noong kanyang kapanganakan noong 1909. Noong panahon ng isang gawaing pagbabautismo taong 1933 sa Ilog Ohio sa Jeffersonville, Indiana, itong supernatural na Persona ay nagpakita sa daan-daang mga tao, na nagsasabi sa kanya, “Katulad ng si Juan Bautista ay nagpauna sa unang pagdating ni Cristo, ikaw ay magpapauna sa Kanyang Pangalawang Pagdating.”

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, *Ang Mensahero at Ang Huling Babala Ng Espiritu*, ay kinuha mula sa kabanatang Ang Kapanahunan Ng Iglesyang Laodicea sa kanyang aklat na may pamagat na *Isang Paglalahad Ng Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, at inilimbag nang walang pagbabago at ipinamamahagi nang walang bayad ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Ang mga sipi sa likurang pabalat ng aklat ay kinuha mula sa loob ng aklat na ito.

Ang orihinal na Mga Mensahe ni Kapatid na William Marrion Branham ay inirekord sa magnetikong mga teyp, na higit 1100 ang maaaring makuha, at muling pinarami nang walang pagbabago. Marami sa mga sermong ito ay nasa pormang aklat, inilimbag nang walang pagbabago at ipinamamahagi nang *walang bayad*. Ang mga teyp, mga aklat, mga film, mga litrato, at iba pang makakatulong na impormasyon tungkol sa kanyang pandaigdigang ministeryo ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagsulat sa:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Ang Huling Babala Ng Espiritu

Apocalipsis 3:22, “Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.”

Ito ang HULING babala. Hindi na magkakaroon ng isa pa. Ang silid ng luklukan ay isinaayos na. Ang labindalawang pundasyon ay inilagay na. Ang mga gintong lansangan ay inihanda na. Ang mga tarangkahang yari sa napakalalaking mga perlas ay itinaas at binisagrahan na. Gaya ng isang piramide ay nakatindig siya nang labis na kaaya-aya at maluwalhati. Ang mga makalangit na nilalang na naghanda sa kanya ay pigil-hiningang pinagmamasdan siya, pagkat siya’y kumikinang at nagniningning na may kaluwalhatiang hindi panlupa. Bawat panig ng kanyang kagandahan ay nagsasaad ng isang salaysay hinggil sa kahanga-hangang biyaya at pag-ibig ni Jesus. Siya ay isang siyudad na inihanda para sa isang inihandang mga tao. Siya’y naghihintay na lamang para sa kanyang mga maninirahan, at di-magtatagal ay dadagsain na nila ang kanyang mga lansangan nang may kagalakan. Oo, ito ang huling pagtawag. *Ang Espiritu ay hindi na mangungusap sa isa pang kapanahunan.* Ang mga kapanahunan ay tapos na.

Ngunit salamat sa Diyos, sa sandaling ito, ang kapanahunang ito ay hindi pa tapos. Siya ay tumatawag pa. At ang Kaniyang pagtawag ay hindi lamang sa mga espirituwal na tainga ng mga tao sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu, kundi minsan pang muli isang propeta ang nasa lupain. Minsan pa’y ihahayag ng Diyos ang katotohanan katulad ng ginawa Niya kay Pablo. Sa mga araw ng ikapitong mensahero, sa mga araw ng Kapanahunang Laodicea, ay ihahayag ng mensahero nito ang mga hiwaga ng Diyos gaya ng pagkakahayag kay Pablo. Siya ay magsasalita, at yaong mga tumatanggap sa propetang iyon sa sariling pangalan nito ay tatanggap ng bisang nagbibigay-pakinabang ng ministeryo ng propetang iyon. At yaong mga nakikinig sa kanya ay pagpapalain at maging bahagi ng nobyang iyan ng huling panahon na pawang binanggit sa Apocalipsis 22:17, “Ang Espiritu at ang nobya ay nagsasabing halika.” Ang butil ng trigo (ang Trigong Nobya) na nahulog sa lupa sa Nicaea ay bumalik na namang muli sa orihinal na Salita na Butil. Purihin ang Diyos magpakailanman. Oo, makinig sa pinatotohanang propeta ng Diyos na lumilitaw sa huling kapanahunang ito. Kung ano ang sinasabi niya mula sa Diyos, ay sasabihin ng nobya. Ang Espiritu at ang propeta at ang nobya ay magsasabi ng gayon ding bagay. At kung ano ang kanilang sasabihin ay nasabi na sa Salita. Sinasabi na nila ito ngayon, “Magsialis na kayo sa kanya at magsihiwalay kayo.” Ang pagtawag ay nagawa na. Ang pagtawag ay mawawala na. Gaano pa katagal tatawag ang tinig? Hindi natin alam, ngunit isang bagay ang sadyang alam natin, iyon ay hindi na magtatagal, pagkat ito na ang huling kapanahunan.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang Espiritu ay nangusap na. Ang papalubog na araw ay malapit nang mawala nang unti-unti papasok sa kawalang hanggan para sa mga kapanahunan ng iglesia. Pagkatapos ito ay magwawakas nang lahat. Kung magkagayo’y napakahuli na para lumapit. Subalit kung saan man sa mga pagkakasunud-sunod na ito ay nakitungo sa inyo ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu, nawa’y bumaling na kayo sa Kaniya maging ngayon sa pagsisisi at ibigay ninyo ang inyong buhay sa Kaniya nang sa gayon sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu ay pagkalooban nawa kayo Niya ng buhay na walang hanggan.

“GANITO ANG SABI NG PANGINOON”

“ang tinig ng ikapitong mensahero”

“nag-iisang mensaherong-propeta sa
kapanahunang ito”

“ang kapangyarihan ng di-pagkakamali”

“ang panakip-na-bato na ministeryong
ukol sa propeta”

“mensaherong propeta ng Apocalipsis 10:7”

“ang siya ring Malakias 4:5-6”

“pinagtibay ng Diyos”

“pinatotohanan ng Espiritu”

“ang tagapagpauna ng Kaniyang
pangalawang pagdating”

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org